



Mga Mapagkukunan para sa mga Pasyente ng CAR T-cell at Tagapag-alaga



Kung ikaw o ang isang taong kilala mo ay tumatanggap ng CAR T-cell therapy (chimeric antigen receptor T-cell therapy), nag-aalok ang American Cancer Society (ACS) ng impormasyon at suporta sa bawat hakbang sa paglalakbay laban sa cancer.



Kapag kailangan mo ng impormasyon tungkol sa cancer

Ang ACS ay nag-aalok ng mga mapagkukunan na makakatulong sa pagsagot sa iyong mga katanungan tungkol sa CAR T-cell therapy, mga side effect, at marami pa. Ang ilang mapagkukunan ng impormasyon ay mababasa lamang sa Ingles at Espanyol.

Cancer.org

Ang aming website, ang **cancer.org**, ay lubos na pinagkakatiwalaang pinagkukunan ng nilalaman na tumpak at nakabatay sa ebidensya para sa mga taong kinakaharap ang cancer, kanilang mga pamilya, at kanilang mga tagapag-alaga. Sa cancer.org, mahahanap mo ang mga mapagkukunan, kabilang ang:

- **CAR T-cell Therapy at ang mga Side Effect nito:** Alamin ang tungkol sa paggamot, paano ito gumagana, kung ano ang magiging proseso ng paggamot, at kung anong mga side effect ang maaaring maranasan.
- **Toolkit sa Pangangalaga ng Cancer:** Access sa koleksyon ng mga mapagkukunan na nagbibigay ng impormasyon tungkol sa cancer at mga worksheet ng pagsubaybay para sa mga appointment, gamot, side effect, at marami pa.
- **Gabay na Mapagkukunan para sa Tagapag-alaga:** Alamin kung paano pangalagaan ang iyong sarili bilang tagapag-alaga, maunawaan nang mas mabuti kung ano ang pinagdaraan ng iyong mahal sa buhay, bumuo ng mga kasanayan upang makayanan at makapangalaga, at gumawa ng mga hakbang upang matulungang maprotektahan ang kalusugan at kagalingan.
- **Mga tool at mapagkukunan sa pagkaligtas sa cancer:** Alamin kung paano puwedeng manatiling aktibo at malusog ang mga taong may cancer sa panahon ng at pagkatapos ng paggamot.

24/7 na cancer helpline

Ang aming **cancer helpline** sa **1-800-227-2345** ay nagbibigay ng 24/7 na suporta sa pamamagitan ng pagkonekta sa iyo sa mga may kasanayang espesyalista sa impormasyon tungkol sa cancer. Nagbibigay sila ng tumpak, at bagong impormasyon tungkol sa cancer. Maaari ka rin nilang maikonekta sa mga programa at serbisyo ng ACS. Mayroong tulong sa mahigit 200 wika sa pamamagitan ng serbisyo ng pagsasalin. Mayroon ding helpline sa Ingles sa pamamagitan ng **Live Chat** sa mga araw mula Lunes hanggang Biyernes mula 7 a.m. hanggang 6:30 p.m. CT.

I-scan para sa higit pang impormasyon at upang i-access ang live chat sa pamamagitan ng ACS cancer helpline.





Kapag ikaw o ang mahal sa buhay ay nangangailangan ng tulong sa pagkuha ng pangangalaga

Ang mga pamamalagi sa ospital at madalas na follow-up na pagbisita ay maaaring ilayo ka at ang iyong mahal sa buhay sa tahanan. Ang mga programa at serbisyo ng ACS ay makakatulong sa iyo o sa mahal sa buhay sa panahon ng paggamot kung kailagan mo ng sakay, lugar na paglalagian, o access sa iba pang mga mapagkukunan.

Road To Recovery® – Mga libreng sakay sa paggamot

Ang aming programang Road To Recovery ay nag-aalok sa mga taong may cancer – at kanilang tagapag-alaga, kung kailangan – ng mga libreng sakay sa mga medikal na appointment na nauugnay sa cancer. Ang mga sinanay na boluntaryong driver ay nagbibigay ng kanilang oras upang matulungan ang mga taong may cancer na makapunta papunta at mula sa kanilang mga appointment. Nagkakaloob ng transportasyon batay sa pagkakaroon at kakayahan ng boluntaryo. **Bumisita sa cancer.org/roadtorecovery para matuto pa.**

Hope Lodge® – Tulong sa panunuluyan

Ang mga komunidad ng ACS Hope Lodge ay nagbibigay libreng matutuluyan kapag malayo sa tahanan ang paggamot nang sa gayon ay mapagtuunan ng pansin ng mga taong may cancer ang pagpapagaling. Sa kasalukuyan, ang programang Hope Lodge ay nag-aalok ng mahigit 1,100 silid sa 31 lokasyon sa Estados Unidos at Puerto Rico. **Tumawag sa 1-800-227-2345 o bumisita sa cancer.org/HopeLodge para matutunan pa ang tungkol sa programang Hope Lodge.**

Maghanap ng mga lokal na mapagkukunan

Maghanap ng libre at murang mapagkukunan mula sa ibang mga organisasyon sa pamamagitan ng pagbisita sa cancer.findhelp.com. Upang masimulan ang pagsasaliksik, ilagay ang iyong ZIP code. Ang mga resulta ay maaaring makatulong sa pagkonekta sa iyo sa pinansyal na tulong, transportasyon, medikal na pangangalaga, at iba pang libre o murang tulong.



Kapag ikaw o ang mahal sa buhay ay nangangailangan ng suporta

Ang pagkonekta sa iba ay maaaring pagmulan ng emosyonal na suporta at kaginhawaan sa panahon ng at pagkatapos ng pangangalaga sa cancer. Maaaring makatulong ang mga mapagkukunan ng ACS na ito:

ACS CARES™

Ang ACS CARES (Access ng Komunidad sa mga Mapagkukunan, Kaalaman, at Suporta) ay isang mobile app para sa mga taong may cancer, kanilang mga pamilya, at mga tagapag-alaga. Kinokonekta nito ang mga tao sa naka-personalize na impormasyong nauugnay sa cancer at one-on-one na suporta. **Bisitahin ang cancer.org/acscares upang matutunan pa ang tungkol sa ACS CARES app.**

Para sa higit pang impormasyon at suporta, bisitahin ang website ng American Cancer Society sa cancer.org/tagalog o tumawag sa amin sa **1-800-227-2345**. Narito kami kapag kailangan mo kami.